



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon IV Blg. 3
Pebrero 7, 2009
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Ibayong isulong ang rebolusyon sa harap ng tumitinding krisis

Lalo pang lalala ang pandaigdigang krisis ng kapitalismo sa susunod na mga taon. Habang binabaya nito ang mga industriyalisadong bansa, lalong masahol ang hambulos nito sa mga atrasadong malakolnya tulad ng Pilipinas.

Ibayo nitong winawasak ang bangkaroteng ekonomya ng bansa at pinalalalim ang pagkakabaon nito sa permanenteng krisis.


Lubhang naghihirap na ang malawak na masa ng sambayanan. Mil-

yun-milyon pa ang malulubog sa kahirapan at kagutuman. Sa harap ng mga ito, pagnanakaw, pagpapahirap sa mamamayan at pangungunyapit sa poder ang adyenda ng bulok na rehimeng US-Arroyo. Lalo nitong ipinakikita sa mamamayan ang pangangailangan ng pususang pakikibaka at pagrerebolusyon bilang tanging paraan para wakasan ang krisis at kahirapan.

Bunga ng krisis, maramihan at mabilisang naglalaho ang mga hanapbuhay sa halos lahat ng sektor ng ekonomya, laluna yaong pinakamahigpit na nakakawing sa pandaigdigang kapitalistang produksyon. Araw-araw, daan-daang manggagawa, malamanggagawa, kawani at mga propesyunal ang nawawalan ng hanapbuhay habang libu-libo pa ang binabawasan ng oras ng trabaho. Bumabagsak ang kanilang mga

kita habang walang tigil ang pagtaas ng gastos sa araw-araw na pamumuhay.

Ang pinakabulnerable ay yaong nasa sektor na umasa sa pag-eeksport ng mga malamanupaktura sa ibang bansa,



Mga tampok sa isyung ito...

Mga Arroyo, kumukopo sa World Bank PAHINA 4

PKP40: Sining at pagtatanghal PAHINA 6

Bicol laban sa Balikatain PAHINA 12

laluna sa US. Dulot ito ng pagbag-sak ng mga order para sa kanilang mga produkto. Noong 2008, mahigit 130,000 ang nasisante rito. Sa bungad pa lamang nitong 2009, mahigit 20,000 na ang karagdagang nasisante at mahigit 30,000 pa ang binawasan ng araw ng pag-gawa dulot ng pagtumal ng produksyon at pagsasara ng mga pabrika.

Nakatakdang magsara ngayong taon ang dalawang pinakamalaking empresa. Nanganganib na magsara rin ang mahigit 60 pang malalaking empresa sa malamanupaktura ng mga pyesang elektronik na nag-eempleyo ng mahigit 500,000 manggagawa. Bukod rito, namemeligro na rin ang mahigit 120,000 manggagawa sa mga pag-aawaan ng kasuotan. Nagtitiklapan din ang mga empresa sa pag-gawa ng mwebles, semento, pag-mimina, pag-aasembol ng mga inangkat na produkto at maging yaong nasa sektor ng serbisyo.


Konserbatibong tinataya ng mga ahensya ng gubyerno na aabot sa 800,000 ang mawawalan ng trabaho ngayong taon. Sa taya ng ibang independyenteng mga mana-

naliksik at ekonomista, ngayong 2009 ay mahigit isang milyon ang mawawalan ng hanapbhay sa pribadong sektor pa lamang.

Ilandaang libo ring kawani ng gubyerno ang nangangambang masisante alinsunod sa ipinatutupad ng rehimeng US-Arroyo na patakaran "rationalization" upang mabawasan umano ang gastos ng bangkaroteng gubyerno, alinsunod sa dikta ng International Monetary Fund.

Samantala, ilang libo nang migranteng manggagawa ang napilitang bumalik sa Pilipinas kamakailan. Dumadalang ang trabaho maging sa ibang bansa dahil sa krisis. Ang kasalukuyang mga kontrata ay di na pinalalawig o adelantadong winawakasan. Aabot sa kalahating milyong migranteng manggagawa ang nangangambang mawalan ng trabaho ngayong taon. Sa pagdagsa ng mga umuuwing migranteng Pilipino, lalala pang lalo ang dating papatindi nang problema ng dis empleyo sa bansa.

Ibayong magpapalaki pa sa dis empleyo ang 1.5 milyong bagong madadagdag sa pwersa ng paggawa ngayong taon. Tiyak na lalampas



sa 12 milyong Pilipino ang wala o kulang sa trabaho ngayong 2009.

Malaon nang iniinda ng mama-mayang Pilipino ang krisis ng bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema. Sa ilalim ng sistemang ito, napiigilan ng imperyalistong US at kasabwat nitong papet na rehimen ang tunay na pag-unlad sa industriya at reforma sa lupa sa bansa. Ikinakahon nila ang ekonomiya ng bansa sa neokolonyal na kalakalang nakatali sa pag-eeksport ng mga produktong agrikultural, likas na yaman, murang paggawa at malamanupaktura. Nakasalalay ang ekonomya sa pag-aangkat ng mga materyales para sa reeksport at maging ng mga yaring produkto para sa konsumo.

Mula noong dekada 1990, lalo pang pinasahol ng patakaran ng impreyalistang "globalisasyon" ang krisis ng lokal na ekonomya. Malinaw na ipinakikita ng kasalukuyang krisis sa daigdig at sa bansa ang pagkabangkarote nito. Ang patakaran ito, na masunuring ipinagpapatuloy ng rehimeng Arroyo, ang nangwawasan sa mga lokal na pwersa sa produksyon, nag-

ANG Bayan

Taon IV Blg. 3 Pebrero 7, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal: Isulong ang rebolusyon sa harap ng tunitindig krisis	1
Manggagawa sa Kowloon, balik trabaho	3
Mga Arroso, kumukopo sa World Bank	4
Panggagatso ng Legacy Group	5
PKP40: Sining at pagtatanghal	6
Pag-aaral ng Marxistang dialektita sa NCR	7
Matatagumpay na opensiba ng BHB	7
Salot sa pagmimina sa Tampakan OceanaGold, nagsara na	8
Pananalanta ng pasistang estado	9
Bicol laban sa Balikatan	11
	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

papalala sa kahirapan at kagutuman at naglulugmok sa bansa papalim pa sa krisis.

Sa isang banda, ang papatin ding epekto ng pundaigdigang krisis at ng mismong mga patakaran at hakbangin nito sa ekonomya at mamamayan ng bansa ay pilit na itinatangi pa rin ng rehimeng Arroyo. Sa kabilang banda, sinasamantala nito ang pagkakataon upang makapagnakaw na naman ng malaking pondo para makaagpasasa at makapangunyapit ito sa poder.

Pinakulo nito ang diumano'y "economic stimulus package" na nagkakahalagang ₱330 bilyon para mapanatili umanong masigla ang ekonomya sa kabilang papalalang krisis sa daigdig.

Walang linaw kung saan magmumula ang pondong ito. Bukod sa bahaging inilaan sa badyet at ibabaling mula sa iba't ibang ahensya at gamit, tinatarget din ng Malacañang na gamitin ang pondong panseuridad ng GSIS at SSS, sa kabilang malakas na pagtutol dito. May bahaging manggagaling din daw sa inisyatiba ng pribadong sektor, pero wala pa namang sinumang naangangako nito.

Makalilikha umano ang programang ito ng tatlong milyong bagong trabaho. Ang totoo, mapunta lamang ito sa ibayong pandarambong at pagpapatatag sa pwesto ng pangkating Arroyo. Walang anumang pakikinabangan dito ang mamamayan, bagkus ay magiging dagdag na pabigat lamang ito, laluna't ang kalakhan nito ay pipigain din lamang sa kanila.

Mga hungkag na pangako at inutil na mga hakbangin ang tugon ng rehimeng Arroyo sa krisis. Pinasasahol lamang nito ang krisis at pinahihiapan ang mamamayan.

Sa harap nito'y walang ibang masusulingan ang mamamayan kundi ang ipaglaban at isulong ang kanilang mga interes at kagali-

ngan. Dapat harapin ng mamamayan ang tampok na mga isyu sa kabuhayan at pulitika. Kaalinsabay nito'y dapat silang makibaka para mapagpasyang wakasan na ang paghahari ng rehimeng nagtatanggol sa naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal na lugmok sa permanente at papalalang krisis.

Higit na kailangan ang pagkilos ng mga manggagawa, mga magsasaka, kawani ng gubyerno, maralita ng lunsod, mga walang trabaho, estudyante at iba pang sektor para labanan ang lumalalang disem-

pleyo, laganap na kagutuman, paglala ng mga serbisyon panlipunan, korapsyon, pasistang panggigipit at mga maniobra ng rehimeng Arroyo para manatili sa poder.

Kailangan nilang tipunin ang kanilang kolektibong lakas sa lansangan, mga pabrika, upisina, sakanan, eskwelahan, komunidad at iba pang daluyan para maitaas nila ang antas ng kanilang pakikibaka at ibayong maisulong ang rebolusyon para kamtin ang mapagpasyang mga pagbabago sa lipunan at matugunan ang interes ng buong sambayanan. AB

Mga manggagawa ng Kowloon, balik-trabaho na


Nagkamat ng dagdag na tanggumpay ang nagpuprotestante ng mga manggagawa ng Kowloon Restaurant sa West Avenue, Quezon City nang utusan ng National Labor Relations Commission (NLRC)-Third Division noong Enero 20 ang maneydsment ng restawran na pabalikin sa trabaho at bayaran nang buo ang sahod ng 73 sinibak na mga manggagawa.

Binaligtad ng kautusan ng NLRC ang nau-nang desisyong iginawad ni NLRC Labor Arbiter Aliman Mangandog na nag-deklarang iligal ang ginawang piket-protesta tuwing break time ng mga manggagawa noong Hunyo 20 at 21 ng naka-raang taon. Bunsod nito, sinibak ang 73 empleyado ng restawran noong Setyembre 13 at pinagbabayad sila ng ₱40,000 bilang danyos sa

kumpanya.

Ayon naman sa mga manggagawa, ang kanilang kilos-protes ta ay paghihiling lamang ng implementasyon ng National Capital Regional Wage Board Order No. 13 noong Agosto 2007 na nagsasaad ng dagdag na ₱12 sa kanilang arawang minimum na sahod at ₱50 para sa kanilang emergency cost of living allowance (ECOLA).

Panimulang tagumpay pa lamang nila ito, ayon sa pangulo ng unyon na si Edmund Navarosa dahil, aniya, gagawin ng maneydsment lahat ng paraan para maantala ang pagpapatupad ng desisyon ng NLRC. Gayunman, tuloy pa rin ang kanilang paglaban. AB



Mga Arroyo, kinokopo ang mga proyekto ng World Bank

Umalingasaw na naman ang masangsang na amoy ng korapsyon ng mag-asawang Gloria at Mike Arroyo. Nabunyag kamakailan sa ulat ng World Bank na sangkot si Mike Arroyo sa pagmamanipula sa proseso ng *bidding* ng bilyun-bilyong pisong mga proyekto ng World Bank na dumaan sa gubyerno upang pumabor sa kumpanyang E.C. de Luna Construction Corp. at magsilbi itong aktwal na tagapagkoordina di lamang ng iba pang mga proyekto ng World Bank sa Pilipinas kundi pati ng iba pang dambuhalang proyektong impraistruktura sa Pilipinas. Luma-labas na ang kumpanyang ito ay pag-aari ni Mike Arroyo at ang tumata-yong may-aring si Eduardo C. de Luna ay prente lamang.

Bunga ng manipulasyon sa *bidding*, tumataas nang 10-15% ang halaga ng kontrata sa konstruksyon ng kalsada, at sangkatlo hanggang kalahati nito ay ibinubulsa ni Mike Arroyo.

Dahil sa pagkakasangkot nito sa anomalya, ang E.C. de Luna Construction Corp. ay permanenteng pinagbawalan na ng World Bank na lumahok sa anumang proyektong pinopondohan nito. Ang mga kinasabwat nitong tatlo pang lokal at apat na dayuhang malaking kumpanya sa konstruksyon ay pinatawan din ng apat hanggang walong taong suspensyon ng WB. Natuklasan ng WB ang pagsasabutan ng mga ito sa kumpas ng E.C. de Luna Construction Corp. sa

pagkopo ng mga proyekto ng WB. Ang mga detalye ng panunuhol at manipulasyon ay nilaman ng ulat sa imbestigasyon ng WB kaugnay ng mga nangyaring anomalya sa kanilang mga proyekto sa Pilipinas.

Binigyan ng WB ng kopya ng kanilang ulat ang Ombudsman, Department of Finance (DoF) at Department of Public Works and Highways (DPWH) noon pang Nobyembre 2007, pero itinago lamang ito ng naturang mga ahensya. Masahol pa'y ipinagpatuloy ng DPWH ang pagbibigay ng bilyun-bilyong halaga ng mga proyekto ng gubyerno sa mga ito. Ayon kay DPWH Secretary Hermogenes Ebdane, ang nag-suspinde sa kanila ay ang WB lamang.

Naglalabasan na ang marami pang saksi na nagpapaturay sa kahayukan ni Mike Arroyo at kanyang pinakamalalapit na alyado. Isa sa mga ito si Tomatu Suzuka, isang negosyanteng Hapon na nagulat sa garapalang panghihingi ng suhol ni Mike Arroyo at ng isang senador na dating kandidato ng mga Arroyo.

Ayon sa ulat ng WB, ang pagbibigay ng suhol sa mga upisyal ng gubyerno

ay kalakaran sa anumang proyektong gustong ilunsad. Ayon sa isa pang negosyante, upang mabigyan ng kontrata, sinabihan siyang lumapit muna kay "De Luna" (sa aktwal kay Mike Arroyo). Inamin ng naturang negosyante na nakipag-sabutan ang dating mga upisyal ng kanyang kumpanya kay Mike Arroyo para lamang makakuha ng kontrata. Inamin din ni Secretary Ebdane na kalakaran ng mga kontraktor na magkutsabahan sa pagpasok nila sa mga proyekto ng gubyerno. Ngunit pilit pa rin niyang pinalulusot na walang papel sa mga kutsabahan ang kanyang ahensya at ang Malacañang.

Nagkakandarapa ngayon ang Malacañang sa paghahanap ng paraan para pigilin ang pagsambulat ng iskandalo. Una na nitong inutusan ang Kongreso na maglunsad ng gawa-gawang imbestigasyon para maabswelto ang mga sangkot na kumpanya, laluna ang E.C. de Luna. Matapat naman itong sinunod ng mga alipures ni Arroyo, pero lumabas na katawa-tawa lamang ang ginawa nilang mabilisan at karakarang pagpapawalang-sala sa mga imbwelting kumpanya.

Matagal na ring di inaaksyunan ng Ombudsman ang kasu kahit mahigit isa't kalahating taon nang nasa kamay nila ang ulat ng WB tungkol dito.

Sa Senado, matapos igiit ng alyado ng mga Arroyo na si Sen. Miriam Santiago na ang komite niya ang dapat humawak sa imbestigasyon ng sangkot na mga kumpanya, di na sana uusad ang imbestigasyon matapos ang isang padalusdalos lamang na pagdinig. Napilitan lamang si Santiago na ianunsyo ang pagpapatuloy ng mga pagdinig matapos igiit ng iba pang senador na kung hindi ito uusad ay dapat nang ituloy ang imbestigasyon sa ilalim na ng ibang komite ng Senado.

AB



Panggagantso ng Legacy Group

Labintatlong bangkong *rural* at tatlong kumpanyang naglalako ng *pre-need plans* (mga planong pampinansyang panustos sa edukasyong pangkolehiyo at iba pang pangangailangang panghinaharap) na pawang bahagi ng Legacy Group of Companies ang nagsara nitong Disyembre 2008. Upisyal na nagdeklara ang may-ari ng mga bangkong ito ng pagkalugi sa harap ng kawalan na nito ng kakayanang ibalik ang mga deposito sa bangko at tugunan ang pananagutan nito sa mga may hawak ng *pre-need plans*.

Ang pagsasara ng mga bangko at kumpanyang *pre-need* ng Legacy Group ay malaking dagok, laluna sa mga magulang na nakaasa sa hinuhulugan nilang plano para sa edukasyong pangkolehiyo ng kanilang mga anak.

Mahigit ₱14 bilyong deposito sa bangko ng 132,642 depositor at ₱3.6 bilyong halaga ng mga seguro ang tuluyang naglalo dahil sa panggagantso ng Legacy Group. Ang Legacy Group ay pag-aari ni Celso delos Angeles, alkalde ng Sto. Domingo, Albay at kasapi ng partidong KAMPI ni Gloria Arroyo. Isang linggo bago nagdeklara ng pagkalugi, naibenta na ni de los Angeles ang ₱57 milyon niyang lupain sa Ayala Alabang upang dinito makuha pa sa kanya.

Ang pagkalugi ng Legacy Group ay bahagi ng pagsadsad ng pandaigdigang sistemang pampinansya. Dahil dito, tinatayang aabot sa ₱40 bilyon ang ibinagsak ng kabuuang sektor ng *pre-need*. Tinatayang malaki-laking bahagi ng kapital ng mga kumpanyang ito ay ipinuhunan sa nagkandaluging mga pampinansyang instrumento, katulad ng mga sanla sa pambahay sa US.

Bukod rito, sangkot sa panggagantso ang Legacy


Group. Para makaakit ng maraming depositor, pinangakuan nito ang mga magdedeposito ng napakataas na interes: makatatanggap sila ng buwanang tseke at sa kabuuan ay madodoble umano ang kanilang puhanan sa loob ng tatlong taon. Sa katunayan, isa lamang itong iskemang "pyramiding." Sa sistemang ito, ang ibinabayad sa mga unang kumagat sa pakulo ay kinukuha lamang sa idededeposito ng mga bagong naaakit para palaba-

sing kumikita nang malaki ang buong iskema. Inilagak din muna ni De los Angeles ang pambayad sa kanyang mga bangkong *rural* at ipinagpapalibtan ang pagbigay nito sa mga kliyente, habang ginagamit niya ang pondo sa iba pa niyang mga negosyo. Sa pamamagitan niito ay nakopo ng Legacy Group ang hanggang 11-12% ng kabuuang deposito sa mga bangkong *rural* sa bansa.

Si De los Angeles ay dati nang sangkot sa ganitong panggagantso. Noon pang 1984 ay inimbestigahan na siya ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) dahil sa pagkakasangkot niya sa mga kaso ng tatlong maliliit na bangko na ipinasara ng BSP dahil sa panggagantso. Bumaling siya sa pag-nenenego ng seguro sa pamamagitan ng pagbili ng maliliit na kumpanya sa seguro, muling pagtatayo at pamimili ng mga bangkong *rural*. Kalau-

nan ay tinipon niya ang mga ito sa ilalim ng kanyang Legacy Group of Companies.

Inimbestigahan muli ng Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) ang Legacy Group noong 2005 dahil sa mga kaduda-dudang pakulo nito. Pero ayon kay Ricardo Tan, tagapangulo noon ng PDIC, namagitan ang noo'y Majority Floor Leader (ngayo'y House Speaker) Prospero Nograles para pigilan ang imbestigasyon at tantanan si De los Angeles. Malaki ang interes dito ni Nograles dahil nagpasok siya ng direktang puhanang ₱18 milyon sa negosyo ng Legacy Group.



PKP40: Sining at pagtatanghal na multimidy

Ang panawagan na ipagdiwang ang ika-40 anibersaryo ng pagkakatag ng PKP ay sinalubong ng sunud-sunod na paglalabas ng bawong mga produksyon bidyo at iba pang mga produktong pangkultura. Ang pagpapalabas ng mga bidyong ito ang isa sa mga aktibidad sa mga pagtitipon ng mga kasama at masa noong Disyembre 26, 2008 sa iba't ibang mga larangang gerilya sa buong bansa. Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga inilabas ng Sine Proletaryo at iba pang mga rebolusyonaryong grupong pambidyo.

Ang 40 (*Kwarenta*) ang pangunahing produksyon bidyo sa serye ng maiikling produksyon ng Sine Proletaryo na nagbibigay-pugay sa ika-40 anibersaryo ng PKP. Ang Sine Proletaryo ay nakapailalim sa Kawanihan sa Impormasyon ng PKP. Bukod sa *Kwarenta*, inilabas din ang serye ng mga dagli o maiikling produksyon kabilang ang *Pagkalinga, Mandirigma ng Sambyanan, Ang Mga Kaibigan at Buhay Gerilya*.

Sinasalamin ng mga ito ang 40 taong kasaysayan at mga tagumpay ng PKP sa pamamagitan ng pagpapakita ng buhay at pakikibaka ng mga kasama at masa. Ipinakita sa mga ito ang pang-araw-araw nilang mga aktibidad sa larangan ng armadong pakikibaka, rebolusyonaryo agraryo at pag-oorganisa sa hanay ng mamamayan.

Kasabay nito, naging masigla rin ang paglikha ng mga produksyon multimidy ng iba't ibang rehiyon. Inilunsad ng Isnayp (rebolusyonaryo midya ng Bikol) ang kanilang website (isnayp.blogspot.com) na nagpatampok sa mga sariling-likhing produksyon awdyo-biswal sa pangunguna ng mga bidyong likha para sa okasyon (*Martsa 40, Bikol 40, 40 Tanghal*). Itinatanghal din ng Isnayp ang mga rebolusyonaryong produksyon mula sa ibang lugar sa Pilipinas gaya ng

Cherish the NPA na likha sa Central-Luzon, ang *Kilab at The Green Guerrillas* ng NPA Mindanao at ilang bidyo mula sa NDFP Secretariat. Matatagpuan din sa Isnayp ang mga dokumentaryo ng burgis na midya hinggil sa rebolusyonaryong kilusan.

Tampok din ang iba pang mga produksyon pambidyo kabilang ang mga bidyong musical na *Pulso Sg Panahon* mula sa isla ng Panay at *Cuz We Luv the People* ng Sining Gerilya ng Southern Tagalog at ang paanyayang *BHB* mula sa Ilocos-Cordillera Region. Sa mga ito, ini-lalarawan ang iba't ibang gawain ng mga Pulang mandirigma bilang mga guro, medik, kawal, organisador at mga manggagawang pangkultura. Sa mga ekse-

na, mama-

malas ang pagkakaisa ng BHB at ng masang Pilipino.


Naglabas din ng koleksyon ng mga larawan mula sa Silangang Kabisayaan ("NPA's day-to-day life"; "The people's Army and the masses"; "The NDF-EV Spokesperson in photographs", "Mga retrato han selebrasyon han ika-40 nga anibersaryo han PKP") at Bikol ("Ang mga tunay na doktor ng masa" at mga kuha sa selebrasyon ng anibersaryo).

Para rin sa pagdiriwang na ito, binuo ng mga kasama sa Bikol ang *Pa-iraya*, isang aklat na nagpupugay sa diwang rebolusyonaryo sa pamamagitan ng pagtatanghal sa 11 sa mga rebolusyonaryong martir ng rehiyon. Inilabas din mula sa Far South Mindanao Region ang librong *Ruby* na naglalaman ng mga parangal sa mga martir at bayani ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Sinasalamin ng mga nabanggit ang pagsigla ng paghabibi-habi sa mga mapanlikhang gawain at pag-abante ng teknolohiya sa pagpukaw at pagpapalaganap ng rebolusyonaryong paninindigan.

Isang bagay itong ibayong nagbibigay—at magbibigay-buhay—sa ika-40 at susunod pang maniningning na taon at dekada ng PKP.

Matatagpuan sa PRWC ang karamihan sa mga nabanggit. Ang iba ay makikita sa mga popular na websayt pambidyo tulad ng *Youtube at Google*. AB





Pag-aaral ng Marxistang dialektika sa NCR

Matagumpay na nailunsad ang panrehiyong kumperensya sa pag-aaral ng Marxistang dialektika na nilahukan ng mga cadre mula sa iba't ibang distrito at linya ng gawain ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa National Capital Region. Ang kumperensya ay nagsilbing pambungad na aktibidad sa pagdiriwang ng rehiyon sa ika-40 aniversario ng PKP.

Tumagal nang apat na araw ang pag-aaral na nilahukan ng 25 cadre. Ginamit na pangunahing sanggunian ang mga sulatin ni Kasamang Mao Zedong na *Hinggil sa Kontradiksyon*, *Hinggil sa Praktika at 32 Halimbawa ng Dialektika*.

Ang pagpapalalim ng pag-aaral sa paksa ng Marxistang dialektika ay bahagi ng pagsisikap na palakasin ang kakayahang ng mga cadre na pamunuan ang praktikal na mga rebolusyonaryong gawain. Sinasanay sila sa wastong paglalapat ng li-nyang masa at sa pleksibilidad sa taktika sa pagsusulong ng kani-kanilang tungkulin. Bahagi ng pag-

aaral ang kolektibong pagsusuri sa mga kongkretong karanasan at aral na kinakaharap ng mga cadre.

Bukod rito, inilugar din ang halaga ng pag-aaral ng dialektika sa pang-araw-araw na buhay at paglutas ng mga suliranin ng mga kasama at ng mga kolektibo. Binigyang-diin din ang pangangailangang ituro sa masa ang Marxistang paraan ng pagsusuri sa mga usapin.

Bunsod ng pag-aaral, naengganyo ang mga kasama na maginisyatiba sa pagbabasa ng iba pang mahahalagang sulatin ng mga dakilang komunista.

Matapos ang pag-aaral ay nag-

sagawa ng programa upang ipagdiwang ang anibersaryo ng PKP. Binasa rito ang pahayag ng Komiteng Rehiyon ng PKP sa NCR kung saan sinuma ang mga karanasan at aral ng nakaraang taon at inilatag ang mga pangkalahatang hamon at tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran.

Naging inspirasyon din ng mga kasama ang pag-aaral at ang pagdiriwang upang magtanghal at lumikha ng rebolusyonaryong sining. Ipinalabas ang bidyong *Kwarenta* at *Pagkalinga* na ginawa ng Sine Proletaryo. Ang mga kalahok ay nagbigay ng mga mensahe, nagtanghal ng mga awit at bumigkas ng mga rebolusyonaryong tula.

Itinuturing ng mga kasama ang nasabing kumperensya sa pag-aaral at ang mga kasunod pa nito bilang ideolohikal na pag-aarmas ng mga cadre upang sapulin ang mga aral at mahusay na mapanghawakan ang mga hamon at tungkulin ng rebolusyonaryong pakikibaka sa NCR at sa buong bansa.

AB

Mga taktikal na opensiba

Anim na elemento ng kaaway ang napatay at 11 ang nasugatan sa serye ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula huling linggo ng Enero hanggang unang linggo ng Pebrero.

Pebrero 2. Napatay si Sr. Insp. Emelix Mabalot, hepe ng Bansalan PNP kasama ang dalawa pang pulis nang tambangan sila ng BHB sa Sityo Balagunon, Barangay Manaca, Bansalan, Davao del Sur. Isa pang pulis ang nasugatan. Nagreresponde umano sila sa ulat na may pinatay sa Barangay Manaca nang paputukan sila sa kalsada.

Enero 31. Isang sundalo ng 71st IB ang napatay at dalawa pa ang sugatan nang ambisin ng BHB ang dalawang iskwad ng mga sundalong lulang ng isang trak ng militar sa Barangay Labi, Bongabon,

Nueva Ecija.

Enero 30. Isang sundalo ang napatay at isa ang sugatan sa labanan sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng BHB at mga elemento ng 29th IB sa Sityo Katipunan, Barangay Tugaya, Valencia City, Bukidnon.

Enero 29. Anim na sundalo at isang elemento ng CAFGU ang nasugatan nang pasabugan ng BHB ng bomba ang isang komboy ng militar na bumabagtas sa Pañalam-Paquibato Road sa Paquibato District, Davao City. Kasama sa komboy ang sinasakyang ni Col. Joel

Ibañez, kumander ng 1003rd Bde ng Philippine Army.

Enero 28. Dalawang sundalo ng 30th IB Charlie Company ang nasugatan nang makasagupa ng yunit-militar ang mga Pulang mandirigma ng BHB sa Sityo Pirada, Barangay Del Pilar, Cabadbaran City, Agusan del Norte.

Enero 23. Tatlong pistolang 9 mm, mga kompyuter at iba pang kagamitan ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma nang salakayin nila ang himpilan ng pulisia sa Carmen, Agusan del Sur. Napatay sa labanan si SP04 Arsenio Aboc, *deputy chief* ng PNP sa naturang bayan. Sinira ng mga gerilya ang kagamitang pangkomunikasyon at isang sasakyang ng mga pulis bago sila umatras.

AB

Salot na pagmimina sa Tampakan, nilalabanan ng BHB at mamamayan

Tatlong pulis ang nasugatan at isang M16 at isang kalibre .45 na pistola ang nasamsam ng mga gerilya sa ilalim ng Valentín Palamine Command ng Bagong Hukbong Bayan (VPC-BHB) sa Far South Mindanao Region nang salakayin nila ang himpilan ng pulisia sa Tampakan, South Cotabato nitong Enero 29.

Sinalakay ng mga Pulang mandirigma ang naturang himpilan dahil nagsisilbing badigard ng Xstrata-Sagittarius Mining Inc. (X-SMI) ang mga pulis dito. Kasama ang mga pwersang militar, ang PNP ay pinalalamon at pinakikilos ng X-SMI upang pigilan ang pagtutol ng mamamayan sa mapangwasak na operasyon ng kumpanya, ani Ka Dencio Madrigal, kumander ng VPC-BHB sa isang pahayag.

Inakusahan din ng VPC-BHB ang mga yunit ng lokal na pamahalaan ng Kiblawan, Davao del Sur; ng Tampakan, South Cotabato; at Columbio, Sultan Kudarat ng pagtulong sa X-SMI sa pagpapalawak ng operasyon nito at pagrerekrut ng mga paramilitar upang gawing pwersang panseguridad ng X-SMI sa kani-kanilang lugar.

Ang X-SMI ay pag-aari ng mga kumpanyang Swiso (Xstrata Copper- 62.5%) at Australyano (Indophil Resources NL-32.23%) na pusakal sa buong mundo sa pangwasak ng kapaligiran saanman ito magmina. Kasalukuyan itong naglulunsad ng eksplorasyon sa bulubunduking bayan ng Tampakan at mga karatig-bayan nito. Sumasaklaw ang operasyon nito sa hanginan ng apat na prubinsya ng South Cotabato, North Cotabato, Sultan

Kudarat at Davao del Sur, kung saan matatagpuan ang mataas na uri at tinatayang pinakamalalaking deposito ng copper (12.8 milyong tonelada) at ginto (15.2 milyong onza) sa buong Asya.

Limang taon nang nagsasagawa ng eksplorasyon ang nasabing kumpanya upang alamin kung nasaan ang mga mineral. Nagbunga na ito ng maraming bitak sa lupa at nagbunsod ng mga *landslide* o pagguho ng lupa.

May natuklasan nang lumalaki at humahabang bitak sa lupa noong Setyembre sa Barangay Danlag at Pula Bato, Tampakan.

Umabot sa mahigit 50 metro ang haba at isang piye ang lapad ng bitak na matatagpuan sa Sityo Tukay

Miasong, Danlag. Sa Kampo Kilot, Pula Bato naman ay may nakitang bitak sa kasagsagan ng malakas na ulan noong Setyembre 20 na siyang naging dahilan ng paglikas ng mahigit 20 pamilya upang makaiwas sa posibleng *landslide*.

Noong Nobyembre 22, 2005 ay may nakita ring bitak sa lupa sa Sityo Snep, Barangay Tablu na may lapad na 5-10 metro at latim na 1-1.5 metro. Sa taon ding iyon nangyari ang *landslide* sa Sityo Makili, Lower Kampo Kilot, Barangay Pula Bato na isang ektarya ang lawak,

kaya nangangamba ang mga taga-Barangay Danlag at Pula Bato na mangyari rin ito sa kanila.

Ayon mismo sa mga eksperto ng X-SMI, dahilan ng pagguho ng lupa sa gilid ng mga ilog at pagawas ng tubig dito ang pagbabago sa daloy ng tubig. Lalong lumalaki at humahaba ang bitak sa lupa sa Danlag at Pula Bato lalo na tuwing lumalakas ang ulan. Sa haba ng bitak ay maraming barangay ang maapektuhan kung sakaling bumigay ito dahil malalim at malawak ang ginagawang paghuhukay ng X-SMI sa eksplorasyon nito. May mga lugar na umaabot na hanggang 200-750 metro ang lalim ng paghuhukay.

Ayon sa pananaliksik na isnagawa ng London Working Group on Mining in the Philippines, isang internasyunal na grupong makakalikasan, kung magpapatuloy ang pagmimina sa anim na pagmininahang lugar sa Pilipinas, kabilang ang Tampakan, ay malawakang mapawasak ang mga palayan at

lalong kukulangin ang suplay ng bigas sa Pilipinas. Malalason ang mga ilog at dagat sa paligid nito. Sa partikular, tinukoy ng pag-aaral na lubhang mapanganib ang ginagawang paghuhukay nang malalim at ang sistemang *open-pit mining* sa era ng X-SMI dahil ayon mismo sa PHILVOCS, ang lugar ay may apat na *fault line* o malalaki at malalalim na bitak sa ilalim ng lupa. Sa *open-pit mining*, gumagawa ng dambuhalang hukay ang minahan sa halip na *mag-tunnel*. Napatunayan nang maaaring magbunsod ng lindol ang *open-pit mining* kapag ginagawa ito sa lugar na maraming *fault line*.

Nanawagan na ang Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP) noong Disyembre 10 na pansamantalang ihinto ang pagmimina sa Pilipinas dahil sa ma-



pangwasak na epekto nito sa kapatligiran. Maging ang mga upisyal ng simbahan sa Koronadal City ay tutol sa pagmimina sa prubinsya. Ayon kay Fr. Romeo Q. Catedral, *social action director* ng Diocese of Marbel, makikita sa iba't ibang poroma ng sama-samang pagkilos na ang proyektong pagmimina ng X-SMI ay tinututulan hindi lamang ng simbahan kundi ng sambayanan.

Noong Oktubre 22, naglunsad

ng martsa-rali ang mga magsasaka at lumad sa Koronadal City, kabise-ra ng South Cotabato sa pamumuno ng South Cotabato Farmers Association (SOCOFA) para igiit sa Sangguniang Panglalawigan na ipasa na ang pagbabawal ng *open-pit mining* sa prubinsya. Ayon kay Felix Espanola, tagapagsalita ng SOCOFA, kapag natuloy ang sistemang *open-pit mining* ng X-SMI, tiyak na maaapektuhan ang mga sakahan sa

mabababang lugar dahil sa pagkagnas ng lupa at pag-awas ng mga nakalalasong kemikal tulad ng *cyanide* at asoge mula sa minahan tungo sa mga ilog. Wala ring ligtas ang Lake Buluan na isa sa pinakamalaking pinagkukunan ng bangus at tilapia sa rehiyon, gayundin ang limang pangunahing malaking ilog na umaagos papunta sa karagatan ng Davao at Sarangani Gulf.

AB

OceanaGold, pinalayas sa Nueva Vizcaya

Tuluyan nang iniatras ng OceanaGold Philippines ang balak nitong magmina ng ginto at tanso sa Didipio, Nueva Vizcaya nitong taon. Ipinagdiwang ito ng mga residente rito bilang tagumpay sa mahigit isang dekadang pakikibaka ng mamamayan ng Nueva Vizcaya laban sa mapangwasak na malawakang pagmimina. Hindi sila umatras sa harap ng militarisasyon, panlilinlang at panunuhol ng malaking dayuhang kumpanya at mga upisyal ng rehimeng Arroyo.

Mula pa 2006 ay tinangka na ng OceanaGold na magmina sa Kasibu, Nueva Vizcaya. Nabili nito ang Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) o lisensya na magmina na iginawad ng DENR sa Climax-Arimco Mining Corp. noon pang 1994. Subalit hinarap nito ang matinding paglaban ng mga residente rito. Sinuportahan ng mga taong-simbahan, akademiko, mga nagtagataguyod sa karapatan ng mga pambansang minorya, mga maka-kalikasang grupo at marami pang iba ang paglaban ng mga taga-Nueva Vizcaya.


Ginawa ng dayuhang kumpanya ang lahat para bilhin, linlangin at ipitin ang mga tao. Todo suporta rito ang rehimeng Arroyo para patahimikin ang oposisyon. Sinampa han ng kaso sa korte ang mga taong tumututol sa pagmimina. Sini kap din ng rehimeng Arroyo na patahimikin ang mga tao para paya-

gang magmina ang OceanaGold Inc. Itinambak ng rehimen ang mga powersang militar, naghaisik ng takot at nilapastangan ang mga karapatan.

Ilang ulit na winasak at binul doser ang mga barikada ng mga mamamayan. Dinemolis ang mga bahay sa lugar na paglalagyawan ng upisina ng kumpanya sa Didipio, Kasibu. Mula Hunyo, tuluy-tuloy na binantayan ng mga tao ang mga barikada para mapigilan ang pagpasok ng mga makinarya ng kumpanya.

Hindi natinag ang paglaban ng mamamayan. Kinasuhan din nila ang kumpanya ng paglabag sa karapatan-tao at karapatan ng mga pambansang minorya sa sariling lupain. Dinala ang pagtutol sa pagmimina hanggang sa mismong gubyerno ng Australia.

Dumaan sa ilang ulit na pagpalit ng may-ari ang kumpanya da



hil sa kahirapan nitong ibwelo ang pagmimina. Nitong Disyembre, tuluyan nang nagpahayag ang mga upisyal ng OceanaGold Inc. na hindi na nila kakayarin pang ipagpatuloy ang operasyon. Idinahilan nilang magastos para sa kanila ang laging pagkabimbin ng pagsisimula ng pagmimina. Naubusan na umano sila ng pondo.

Ayon naman sa mga lider ng Kasibu, suspendido man ang operasyon ng kumpanya, dapat parang pagbayaran ng OceanaGold ang mga paglabag na ginawa nito sa mamamayan ng Kasibu at pinsala sa lugar ng mga panimulang operasyon nito. Iginigiit din nilang dapat nang pawalambisa ang FTAA na iginawad rito ng reaksu naryong rehimen.

AB



Saladero, 5 lider-manggagawa, pinalaya na

INIUTOS ng korte ang pagpapalaya kina Atty. Remigio Saladero Jr. at lima pang lider-manggagawang kabilang sa tinaguriang "Southern Tagalog 72" (ST72) matapos ibasura ng Oriental Mindoro Regional Trial Court sa Calapan City nitong Pebrero 5 ang kasong *multiple murder* laban sa kanila, ayon sa ulat ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR). Ang bantog na abugado ng mga manggagawa ay dinakip sa kanyang tahanan sa Antipolo City ng mga operatiba ng Antipolo PNP at Military Intelligence Group 4A ng Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (MIG-ISAFP) noong Oktubre 23 at ikinulong sa Calapan.

Ayon sa CTUHR, ibinasura ang kasong kriminal laban kina Saladero at limang iba dahil hindi pinapayagang pagsama-samahin sa iisang kaso ang mga krimen tulad ng "*multiple murder*." Ang anim ay sinampahan ng kasong "*multiple murder and multiple frustrated murder*" kaugnay ng isang ambus ng Bagong Hukbong Bayan sa Puerto Galera, Oriental Mindoro

noong Marso 2006 kung saan dalawang pulis ang napatay at tatlo ang nasugatan.

Ang iba pang pinalaya pagkatapos dakpin at ibimbin nang halos tatlong buwan sa *provincial jail* ng Calapan City ay sina Nestor San Jose ng Pinag-isang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (PISTON)-Rizal; Rogelio Galit, tagapagsalita ng Katipunan ng mga Magbubukid sa Kabite (Kamagsasa-ka-Ka); Crispin Zapanta, kasapi ng Bayan Muna; Arnaldo Seminiano, organisador ng Ilaw-Buklod ng Manggagawa (IBM); at Emmanuel Dionida, *executive director* ng Labor Education Advocacy Development Response Services (LEADERS).

Nananatiling nakakulong si Leonardo Arceta, organisador ng Organized Labor Association in Line Industries and Agriculture-Kilusang Mayo Uno (OLALIA-KMU). Si Arceta, na akusado rin sa naturang kaso, ay dinakip sa Sta. Rosa, Laguna nitong Pebrero 2 at nakabimbin pa rin sa Oriental Mindoro Provincial Jail.

Writ of amparo kay Balao, inaprubahan

INAPRUBAHAN ng korte ang petisyon ng pamilya ng isang nawawalang aktibista para sa *writ of amparo*. Iniutos noong Enero 19 ni Judge Benigno Galacgac ng Benguet Regional Trial Court sa matataas na upisyal ng gubyerno, militar at pulis na agad na ilitaw si James Balao kundiman ipaalam kung nasaan siya, at igalang ang kanyaang mga karapatan.

Si Balao ay dinukot ng pinaniniwalaang mga ahenteng paniktik ng militar noong Setyembre 17, 2008 sa Benguet. Siya ay kasaping tagapagtatag ng Cordillera Peoples' Alliance (CPA) noong 1984 at kasalukuyang kasapi ng *education and research commission staff* nito. Bago pa man dukutin si Balao ay iniulat na niya na minamanman na siya at ang kanyaang pamilya.



Harasment ng militar sa mga estudyante, inireklamo sa CHEd

PINANGUNAHAN ng Tanggulan Youth Network for Human Rights and Liberties (Tanggulan) ang isang grupo ng mga estudyante sa pagsasampa ng reklamo sa Commission on Higher Education (CHEd) laban sa harassment at sarbeylans ng Armed Forces of the Philippines. Ang mga nagreklamong mag-aaral ay nagsula sa Arellano University, Polytechnic University of the Philippines, Jose Rizal University at University of the Philippines.

Ayon kay Biyaya Quizon, tagapagsalita ng Tanggulan at tagapangulo ng Students Christian Movement of the Philippines (SCMP), ang CHEd mismo ang siyang ginagamit ng mga ahente ng reaksyunaryong estado upang siraan ang mga lider ng mga mag-aaral at ilagay sa peligro ang kanilang seguridad. Sa partikular, tinukoy ni Quizon ang memo na ipinalabas ng CHEd Region VI (Western Visayas) hinggil sa pagpapahintulot sa Civil Military Operations Battalion na magsagawa ng tinatawag na mga "*counter-insurgency awareness seminar*" sa mga eskwelahan.

Ang mga seminar na ito ay idinadaos sa mga hayskul at kolehiyo. Binabansagan dito ng militar na mga rekruter ng Bagong Hukbong Bayan ang mga aktibistang estudyante.

Ang mga abusong militar na ito ay labag sa kalayaan sa pamamahayag at pagkilos at kapatang mag-organisa ng kanilang hanay, dagdag pa ng Tanggulan.



5 magsasaka sa Negros, iligal na inaresto

LIMANG aktibistang magsasaka ang pinagdadampot ng mga elemento ng 11th IB mula sa kanilang mga tahanan at kinasuhan ng rebelyon at iligal na pag-iingat ng mga baril.

Iligal na inaresto sina Rene Boy at Junior Moreno, Ronilo Balismo, Ritchelyn Lozano at Budok Bilado mula sa kanilang mga bahay sa Barangay Buenavista, Himamaylan, Negros Occidental nitong Pebrero 2. Nagtanim ang militar ng mga baril, bandila ng Partido Komunista at sarisaring dokumento para maidiin ang mga magsasaka na pawang mga sibilyan. Mga myembro sila ng Kapisanan ng Mangunguma sa Buenavista, na kaanib ng militanteng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Hunger strike para palayain ang lider ng KMP

KASALUKUYANG nasa *hunger strike* ang isang detenidong lider ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Sinimulan ni Randall Echanis, *deputy secretary general for external affairs* ng KMP ang kanyang *hunger strike* noong Enero 29 sa loob ng kanyang piitan sa Manila City Jail.

Si Echanis ay kabilang sa 50 personahe na sinampaahan ng gawa-gawang kasong *murder* kaugnay ng diumanong purgahan sa Inopacan, Leyte 20 taon na ang nakalilipas. Isang taon na ang nakararaan mula nang arrestuhin si Echanis sa Bago City noong Enero 28, 2008 habang nakikipagkonsulta sa mga manggagawang bukid sa industriya ng asukal.

Kasabay ni Echanis na naglulunsad ng *hunger strike* ang anak niyang si Ranmill Echanis; Antonio Flores, *national auditor* ng KMP; Sr. Pat Fox ng Rural Missionaries of the Philippines; Salvador Frances, tagapagsalita ng Pamalakaya-Pilipinas; Cathy Estabillo ng Amihan; Cherry Clemente, pambansang pangkalahatang kalihim ng Anakpawis; Pedro Gonzales, pangkalahatang kalihim ng Pamalakaya-Southern Tagalog; at Axel Pinpin ng Kamagsasaka-Ka.

Pagdukot sa pasyenteng medik, kinundena ng BHB-ST

MARIING kinundena ng Melito Glor Command (Bagong Hukbong Bayan-Southern Tagalog) ang pag-aresto at sapilitang pagkuha kay Marilyn Anayat (kilala bilang "Myra Bautista"), 22 anyos, habang nagpapagamot siya sa Our Lady of Lourdes Hospital sa Sta. Mesa, Maynila noong Enero 9.

Si Ka Myra ay nasugatan sa isang lehitimong labanan sa pagitan ng BHB at mga pwersa ng pulisia noong Enero 3 sa Macabud, Montalban, Rizal. Isa siyang medik. Nilalapatan niya noon ng paunang lunas ang dalawang nasugatang pulis sa labanan nang barilin siya sa tiyan ng isa sa mga pulis.

Katatapos lamang niyang maoperahan nang sapilitan siyang kunin ng mga ahente ng PNP Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sa ilalim ng isang nagpakilalang Major Doble. Iginiit ng Melito Glor Command na ibigay si Ka Myra sa pangangalaga ng International Committee of the Red Cross (ICRC) upang maprotektahan ang kanyang mga karapatan bilang mandirigmang wala na sa katayuang lumaban.

3 Pulang mandirigma sa Comval, dinukot

DINUKOT ng mga elemento ng 11th IB at Scout Rangers ang tatlong kadre ng Front 25 Operations Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Enero 25 sa Sityo Pulang Lupa, Barangay Ngan, Compostela sa Compostela Valley. Kinilala ang mga dinukot na sina Ruel Cabales (Ka Rael), 41; Nelson Carbajosa (Ka Janggo), 35; at Catherine Cacdac (Ka Kulay), 31. Si Cacdac ay nagdadalandantao.



Ayon sa mga nakasaksi sa pangayari, kinaladkad ng mga militar ang tatlo palabas ng bahay na kanilang tinutuluyan bandang alas-2 ng madaling araw at pilit isinakay sa naghihintay na *armored personnel carrier* (APC). Isang araw bago ito, dumalo ang tatlo sa isang pu-long arbitrasyon na idinaos sa nasabing komunidad para ayusin ang mga suliranin sa hanay ng mga taumbaryo.

Sa kabilang pamamagitan ng International Committee of the Red Cross (ICRC), hindi pa rin inililitaw ng militar ang tatlong kasama.

Hinahamon ni Ka Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng Mendaro Arce Command (BHB-Southern Mindanao Region), ang militar na bigyan ng kauklang maayos na pagtrato ang kanilang mga nabihag batay sa mga protokol ng gera at internasyunal na makataong batas gaya ng pagtrato ng BHB sa mga nabihag nitong mga sundalo ng reaksyunaryong gubyerno.

Mga Bicolano, nagrali laban sa Balikatan

Mahigit 22,000 mamamayan mula sa iba't ibang prubinsya ng Bicol ang nagrali noong Enero 22 para tutulan ang nakatakdang Balikatan sa rehiyon. Sa pangunguna ng Bicolano Alliance for Nationalism Against Balikatan (BAN Balikatan), 8,000 ang humugos sa mga lansangan ng Masbate, 7,000 sa Sorsogon, 5,000 sa Albay at mahigit 2,000 sa Camarines Sur at Camarines Norte. Nagkakaisa ang pagsigaw nila ng "Stop Balikatan!"

Nakatakdang simulan sa daraming na Abril ang magkasanib na *military exercises* ng AFP at militar ng US sa tatlong prubinsya ng Bicol—Albay, Masbate at Sorsogon. Upang gawing katanggap-tanggap ang Balikatan, pinalalabas na ang mga aktibidad na isasagawa kaugnay nito'y pawang makataong tulong sa mamamayang sinalanta ng mga bagyo.

Kabilang sa mga lumahok sa mga kilos-protestang ito ang iba't ibang progresibong organisasyon at personahe. Anang KARAPATAN-Bicol at Kabataang Pinoy ng Bicol, pinangangambahan nilang tataas ang bilang ng mga paglabag sa ka-

rapatang-tao sa rehiyon kung hindi pipigilan ang paglulunsad ng Balikatan sa rehiyon. Bukod anila ito sa pagyurak ng mga tropa ng US sa soberanya ng bansa at pagsasapeli-gro nila sa buhay ng mga Bicolano sa pamamagitan ng kanilang "war games."

Iginiit naman ng Tindog Atenista, alyansa ng iba't ibang grupo at personahe mula sa Ateneo de Naga, na ibasura na ang Mutual Defense Treaty at Visiting Forces Agreement dahil ito ang sangkalan ng dayuhang panghihimok sa bansa. Sinabi naman ng PISTON-CONDOR-Bicol na ang Balikatan ay instrumento para sa higit na pro-

teksyon ng interes ng US, kabilang na ang industriya ng langis.

Malinaw sa mamamayan na ang pinagsanib na Philippine-US *war games* sa Bicol ay palatandaan ng pag-igting ng panghihimok-militar ng US sa bansa at direktang paglahok ng mga tropa nito sa kontra-rebolusyonaryong gera ng AFP laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ang ipinangangalandakang makatao nitong mga layunin ay taping lamang para magkaroon ang mga tropa ng US ng pagkakataon na makapasok sa mga larangan at magmaka ng tereyn, magsagawa ng sarbeylans, magrekut ng mga ahenteng paniktik at impluwensahan ang mga lokal na gubyerno at sosyal na impraistruktura.

Samantala, inilunsad simula Enero 26 ang *war exercises* sa Panay na tinataguriang "Balance Piston 09-1". Magtagagal ito nang 25 araw. Isinasagawa ito sa Camp Macario B. Peralta, Jr. sa Jamindan, Capiz, Panay, na sumasaklaw sa 33,000 ektaryang lupaing ninuno ng tribong Tumanduk.

Ang paglulunsad ng Balance Piston sa Camp Peralta ay hindi lamang mapangyurak sa interes ng mamamayang Pilipino, ito rin ay malaking insulto sa mga Tumanduk na biktima ng pasismo at pang-aabuso ng AFP.

Ang lupaing ninuno ng mga Tumanduk ay idineklarang reserba ng militar alinsunod sa kautusan ni dating Presidente Diosdado Macapagal. Ang mga magkasanib na *military exercises* ay malinaw na tumatarget sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan.


Kaugnay nito, inaatasan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang lahat ng yunit ng BHB, partikular sa mga rehiyon ng Bicol at Panay na paigtingin ang mga taktikal na opensiba sa kani-kanilang mga lugar bilang pagtutol sa US-RP *joint military exercises*.

Presentasyon ng UAV, nabulilyaso

Isang *unmanned aerial vehicle* (o *drone*) ng US ang sumabog sa Masbate noong Enero 29 habang ipinapakita ng mga upisyal militar ng US ang operasyon nito sa mga lokal na militar. Ang pagliyab at pagsabog ng UAV ay nasaksikan ng mamamayan sa paligid ng kampo ng 507th PNP Provincial Mobile Group sa Unson, Masbate, kung saan isinagawa ang presentasyon bandang 6:30 ng gabi.

Ang UAV ay balak gamitin sa paniniktit at pagsarbey ng kalupaan at karagatan ng Masbate. Binibisto nito ang lumalaking papel na ginagampanan ng militar ng US sa *counter-insurgency operations* ng AFP at PNP. Inilalantad nitong peke at pakulo lamang ang "*humanitarian mission*" sa ilalim ng Balikatan 02-1. Ito ang sinabi ni Greg Bañares, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol sa isang pahayag nitong Enero 30.

Aniya, "Dapat ipaliwanag sa publiko ng matataas na upisyal ng 9th ID-PA, 901st Bde at PNP ang naganap na pagsabog ng isang UAV ng US habang lumilipad sa mga bayan ng Pio V. Corpus at Esperanza, Masbate.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon IV Blg. 3

Pebrero 7, 2009

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Ibayong isulong ang rebolusyon sa harap ng tumitinding krisis

Lalo pang lalala ang pandaigdigang krisis ng kapitalismo sa susunod na mga taon. Habang binabaya nito ang mga industriyalisadong bansa, lalong masahol ang hambulos nito sa mga atrasadong mala-kolonya tulad ng Pilipinas.

Ibayo nitong winawasak ang bangkaroteng ekonomya ng bansa at pinalalalim ang pagkakabaon nito sa permanenteng krisis.


Lubhang naghihirap na ang malawak na masa ng sambayanan. Mil-

yun-milyon pa ang malulubog sa kahirapan at kagutuman. Sa harap ng mga ito, pagnanakaw, pagpapahirap sa mamamayan at pangungunyapit sa poder ang adyenda ng bulok na rehimeng US-Arroyo. Lalo nitong ipinakikita sa mamamayan ang pangangailangan ng puspusang pakikibaka at pagrerebolusyon bilang tanging paraan para wakasan ang krisis at kahirapan.

Bunga ng krisis, maramihan at mabilisang naglalaho ang mga hanapbuhay sa halos lahat ng sektor ng ekonomya, laluna yaong pinakamahigpit na nakakawing sa pandaigdigang kapitalistang produksyon. Araw-araw, daan-daang manggagawa, malamanggagawa, kawani at mga propesyunal ang nawawalan ng hanapbuhay habang libu-libo pa ang binabawasan ng oras ng trabaho. Bumabagsak ang kanilang mga

kita habang walang tigil ang pagtaas ng gastos sa araw-araw na pamumuhay.

Ang pinakabulnerable ay yaong nasa sektor na umasa sa pag-eeksport ng mga malamanu-paktura sa ibang bansa,



Mga tampok sa isyung ito...

Mga Arroyo, kumukopo sa World Bank PAHINA 4

PKP40: Sining at pagtatanghal PAHINA 6

Bicol laban sa Balikatain PAHINA 12

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*